



7. Magpunla ng mga nakaplanong itatanim. Mainam kung ang mga gumagapang na gulay ay ilalagay sa may baybay-tabi at lagyan ito ng pakayapan.

**PLANO NG PAGTATANIMAN**

MAGIGING BALAG NG AMPALAYA AT SITAW

| | | | |
|---|---|---|---|
| AMPALAYA 2 | OKRA 3 | MUSTASA 8 | KAMATIS 2 |
| SITAW 3 | LUYA 5 | SILI PANGSIGANG 2 | PECHAY 8 |
| KAMOTE 8 | KANGKONG 23 | SIBUYAS TAGALOG 8 | LABANOS 8 |
| TALONG 2 | ALUGBATI 4 | LETSUGAS 8 | KALABASA 1 |

MAGIGING BALAG NG KALABASA

*Halimbawa ng mga gulay at bilang na itatanim sa isang-dipang gulayan*

Ang teknolohiyang ito ay pagsasalin (*adoption*) ng natutunan ni **G. Randy A. Balderas,** Magsasakang Siyentista ng FITS-OPAg Occidental Mindoro mula sa pagdalo sa iba't ibang pagsasanay at isinagawa batay sa klima at lokasyon ng rehiyon.

Department of Agriculture
**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**
**Regional Training Center - MIMAROPA**

Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro
ati.da.gov.ph/ati-4b
dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph
(043) 738-3663; 0998-539-4229
@atimimaropa

**FARMERS CONTACT CENTER**
*"Ang inyong kaagapay sa usaping agrikultura"*
1-800-10-982-2474 (Provincial toll-free)
0920-946-2474
ati.da.gov.ph
elearn.e-extension.gov.ph
info@e-extension.gov.ph



# ISANG DIPANG GULAYAN






Ang isang  dipang gulayan ay isang uri ng pagtatanim kung saan pinagsama-sama ang iba't-ibang uri ng halaman sa isang maliit na lugar. Layunin nito na makatipid sa espasyo ng taniman at magamit ng mahusay ang lugar.

**Paraan ng Paggawa**

*1.* Tantiyahin ang sukat na isang dipa kuwadrado at gumawa ng kahon na may taas na dalawang (2) dangkal.  Kung sementado ang lugar, gawing apat (4) na dangkal ang taas ng kahong pangharang o apat na patong ng *hollow blocks.*




**Materyales na Pwedeng Gamitin:**

- **Kahoy**
- **Yero**
- **Hollow blocks**
- **Kawayan**
- **Plywood**
- **At kahit anong pwedeng iharang na makikita sa paligid**

2. Maghukay ng dalawang (2) dangkal na lalim.




3. Paghiwalayin ang nahukay mula sa pang-ibabaw na lupa at pang-ilalim na lupa.





4. Punuin ng mga nabubulok na bagay ang hukay. Halimbawa: ipa, dahon, damo at iba pa.




3. Ipatong / ilagay ang kuwadradong pangharang sa hukay na tinambakan ng nabubulok.




6. Haluan ng *compost, vermicast* o organikong pataba ang pang-ibabaw at pang-ilalim na lupa (1:2) ang timplada.




6. Maglagay ng marka sa gagawing isang dipang gulayan sa pamamagitan ng paglagay ng liting tulad ng: *nylon, blue twine,* sinulid at iba pa. Gawing labing anim(16) na kahon ang pagtataniman.